

## KUMPLETONG TEKSTO NG PANUKALA G

Na ang Artikulo VIII ng Saligang-batas ng Lunsod ay dapat susugan upang idagdag ang sumusunod na seksyon, na lalagyan ng numero, may titulo at mababasang gaya ng mga sumusunod:

### **SEKSYON 810 Lupon o mga Lupon ng Pagreretiro**

- (a) Ang Konseho ng Lunsod ay dapat magtatawag ng isa higit na mga lupon ng pagreretiro upang pangasiwaan ng mga plano sa pagreretiro na itinatag alinsunod sa Artikulo XV ng Saligang-batas na ito.
- (b) Ang tining ng panunungkulan ng mga miyembro, mga kuwalipikasyon ng mga miyembro at ang laki ng lupon ng pagreretiro ay dapat itagubilin ng ordinansa. Ang mga miyembro ng anumang lupon ng pagreretiro ay dapat hirangin at tanggalin sa isang paraan na itinatagubilin ng ordinansa sa pamamagitan ng isang mayoriya ng mga miyembro na hinirang ng Konseho ng Lunsod. Ang Konseho ng Lunsod ay dapat maghirang at magtanggap ng mga miyembro ng alinmang lupon ng pagreretiro sa isang paraan na itinatubilin ng ordinansa. Ang mga miyembro ng bawat lupon ng pagreretiro ay dapat bayaran ng isang buwanang sahod na ipinasiya alinsunod sa mga tadhana ng Seksyon 1001.1 ng Salibang-batas na ito.
- (c) Ang bawat lupon ng pagreretiro ay dapat mangasiwa ng plano o mga plano ng pagreretiro na ang lupon ng pagreretiro ay pinagtalagahan na pangasiwaan alinsunod sa ipinagkakatiwalang mga tungkulin at obligasyon na itinatag ng batas, ng Saligang-batas ng Lunsod, at gaya ng higit pang itinatagubilin ng ordinansa.
- (d) Ang bawat lupon ng pagreretiro ay dapat magpatibay taun-taon ng isang badyet na inaprobahan ng Konseho ng Lunsod na sumasaklaw sa buong pinagsamang gastos sa pangangasiwa ng plano o mga plano sa pagreretiro na ang lupon ng pagreretiro ay pinagtalagahan na pangasiwaan para sa susunod na taon na pananalapi, gamit ang kaparehong taon ng pananalapi ng Lunsod ainsunod sa Seksyon 1200 ng Saligang-batas na ito.
- (e) Ang bawat lupon ng pagreretiro ay maaaring magpanatili o gumamit, sa pamamagitan ng kontrata, ng mga abugado upang tulungan ang lupon ng pagreretiro sa mga bagay na makatwirang kailangan upang isakatuparan ang kanilang ipinagkakatiwalang mga tungkulin sa pangangasiwa ng plano o mga plano sa pagreretiro na ang lupon ng pagreretiro ay pinagtalagahan na pangansiwaan.

- (f) Ang bawat lupon ng pagreretiro ay dapat sumunod sa lahat ng mga iniaatas na bukas at pampublikong pulong na itinatag ng batas ng estado at angkop na aksyon ng Konseho.

Na ang Artikulo VIII ng Saligang-batas ng Lunsod ay dapat susugan upang idagdag ang sumusunod na seksyon, na lalagyan ng numero, may titulo at mababasang gaya ng mga sumusunod:

#### **SEKSYON 810.1 Lupon ng Pagreretiro; Kapangyarihan ng Paghirang**

- (a) Ang lupon o mga lupon ng pagreretiro ay maaaring maghirang at magtagubilin ng mga tungkulin ng isang punong opisyal na tagapagpaganap at ang punong opisyal ng pamumuhunan o naturang mga kapantay na katungkulan ng Opisina ng mga Serbisyo sa Pagreretiro upang tumulong sa pangangasiwa ng plano o mga plano. Ang mga naturang opisyal ay dapat maglingkod sa hindi klasipikadong mga katungkulan sa kagustuhan ng naghihirang na lupon ng pagreretiro; na kung higit sa isang lupon ay mga lupon ang dapat magkasamang maghirang ng punong opisyal na tagapagpaganap at punong opisyal ng pamumuhunan.
- (b) Ang punong opisyal na tagapagpaganap o ang opisyal na humahawak ng kapantay na katungkulan ng Mga Serbisyo sa Pagreretiro ay maaaring maghirang at magtagubilin ng mga tungkulin ng propesyonal at teknikal na mga empleyado at klerikal na mga empleyado na nagtatrabaho sa Opising ng mga Serbisyo sa Pagreretiro.
- (c) Bilang karagdagan, kapag ang punong opisyal na tagapagpaganap o ang opisyal na humahawak ng kapantay na katungkulan ay nagturing na kailangan ito para sa kabutihan ng serbisyo siya ay maaaring magsuspende nang walang bayad, magbaba ng tungkulin, mag-alis, magtanggag o magdisiplina ng anumang naturang empleyado sa Opisina ng mga Serbisyo sa Pagreretiro napapailalim sa anumang angkop na mga tadhana ng Serbisyo Sibil ng Saligang-batas at anumang Mga Tuntunin ng Serbisyo Sibil na pinagtatibay dito.
- (d) Ang alinman sa Konseho o sinuman sa mga miyembro nito o ang Alkalde ay hindi dapat sa anumang paraan magdikta ng paghirang o pagtanggag sa sinumang naturang opisyal o empleyado na ang lupon o mga lupon ng pagreretiro ay may kapangyarihang hirangin o ang punong opisyal na tagapagpaganap ay may kapangyarihang hirangin, pero ang Konseho ay maaaring magpahayag ng mga pananaw nito at lubos at malayang talakayin sa lupon o mga lupon ng pagreretiro ang anumang bagay na nauukol sa paghirang at pagtanggag ng mga naturang opisyal at empleyado.

- (e) Ang kabayaranang itinatag para sa punong opisyal na tagapagpaganap, punong opisyal ng pamumuhunan, o ng kanilang kapantay at propesyonal na tauhan sa pamumuhunan ay dapat itatag alinsunod sa Seksyon 902 ng Saligang-batas at ang lupon o mga lupon ay dapat magsaalang-alang ng kabayaran ng mga kapantay na katungkulan sa kaparehong Mga Pampublikong Plano sa Pensiyon ng Estados Unidos sa Pagrekomenda ng kabuuang kabayaran para sa mga katungkulan ng punong opisyal na tagapagpaganap, punong opisyal ng pamumuhunan o ng kanilang kapantay at ng propesyonal na tauhan sa pamumuhunan.

Na ang Seksyon 1001.1 ng Saligang-batas ng Lunsod ay dapat susugan upang mabasang gaya ng mga sumusunod:

### **SEKSYON 1001.1 Konseho Komisyon sa Pagtatatag ng Suweldo**

Dapat magkaroon, at sa pamamagitan nito ay itinatatag, ng isang ~~Konseho~~ Komisyon sa Pagtatatag ng Suweldo. Ang mga sumusunod na tadhana ay dapat maging angkop dito:

- (a) MGA MIYEMBRO. Ang ~~Konseho~~ Komisyon sa Pagtatatag ng Suweldo ay dapat buuin ng limang (5) miyembro na hinirang ng Komisyon sa Serbisyo Sibil. Ang mga miyembro ay dapat na mga kuwalipikadong manghahalal ng Lunsod sa lahat ng mga oras sa panahon ng kanilang taning ng panunungkulan.
- (b) MGA TANING NG PANUNUNGKULAN. Maliban kung itinatadhana dito sa ibaba, ang regular na taning ng panunungkulan ng bawat miyembro ng ~~Konseho~~ Komisyon sa Pagtatatag ng Suweldo ay dapat na apat (4) na taon. Ang mga unang miyembro ng ~~Konseho~~ Komisyon sa Pagtatatag ng Suweldo ay dapat hirangin ng Komisyon sa Serbisyo Sibil sa buwan ng Enero, 1981. Dalawa (2) sa mga miyembro na hinirang ay dapat hirangin para sa isang panahon na matatapos sa Disyembre 31, 1982; at tatlo (3) ng mga miyembrong hinirang ay dapat hirangin para sa isang panahon na matatapos sa Disyembre 31, 1984. Magsisimula sa Disyembre ng 1982, ang Komisyon sa Serbisyo Sibil ay dapat, sa buwan ng Disyembre ng bawat taon na may pares na bilang, gumawa ng mga paghirang upang punuan ang mga katungkulan ng mga miyembro na ang mga panahon ay matatapos sa katapusan ng naturang taon na may pares na bilang. Ang mga naturang paghirang ay dapat na para sa mga regular na taning na apat (4) na taon na magsisimula sa unang araw ng Enero ng sumusunod na taon na may di-pares na bilang at matatapos sa ika-31 araw ng Disyembre ng ikalawang taon na may pares na bilang pagkaraan.
- (c) MGA PAGKABAKANTE. Ang katungkulan ng isang miyembro ay dapat maging bakante bago ang pagtatapos ng kanyang taning sa alinmang mga pangyayaring nakalagay sa mga subseksyon (a), (b), (c), (d), (e), (h), (i), (j), (k), at (l) ng Seksyon 409 ng Kabanatang ito. Gayon, din ang Komisyon sa Serbisyo Sibil ay maaaring magtanggag ng isang miyembro mula sa katungkulan kahit kailan para sa maling kilos, pagiging hindi episyente o sadyang kapabayaang sa pagganap ng

mga tungkulin ng kanyang katungkulan sa kondisyon na ito ay nagbigay muna ng nakasulat na mga dahilan para sa pagtanggap at nagbibigay sa naturang miyembro ng pagkakataon na marinig sa harap ng Komisyon sa Serbisyo Sibil ang kanyang sariling depensa. Kung ang pagkabakante ay mangyari bago ang pagtatapos ng taning ng isang miyembro, ang Komisyon sa Serbisyo Sibil ay dapat maghirang ng isang kuwalipikadong tao upang punuan ng naturang pagkabakante para sa natitira ng hindi pa tapos na taning ng naturang miyembro.

(d) MGA KAPANGYARIHAN AT TUNGKULIN.

(4) Ang ~~Konseho~~ Komisyon sa Pagtatatag ng Suweldo ay dapat gumawa ng mga rekomendasyon bawat dalawang taon;

(1) iginagalang ang mga suweldo para sa mga miyembro ng Konseho, kabilang ang Alkalde, gaya ng itinatadhana sa Seksyon 407 ng Kabanatang ito;

(2) tungkol sa buwanang sahod para sa sinumang hindi empleyado ng Lunsod na miyembro ng lupon o mga lupon ng pagreretiro na nangangasiwa ng plano o mga plano sa pagreretiro na itinatag alinsunod sa Artikulo XV ng Kabanatang ito at itinalaga ng Konseho na tumanggap ng isang sahod. Ang sahod na itinatag ng Konseho ay magiging alinsunod sa prosesong itinatag sa pamamagitan ng ordinansa.

Na ang Seksyon 1101 ng Saligang-batas ng Lunsod ay dapat susugan upang mabasang gaya ng mga sumusunod:

**SEKSYON 1101 Sistema ng Serbisyo Sibil; Klasipikado at Di-klasipikadong Serbisyo**

Ang Serbisyo Sibil ng Lunsod ay dapat hatiin sa Klasipikadong Serbisyo at Di-klasipikadong Serbisyo, gaya ng mga sumusunod:

(a) Ang Di-klasipikadong Serbisyo ay dapat buuin at magsama ng lahat ng mga sumusunod na opisyal at empleyado:

(1) Ang Alkalde at ang mga miyembro ng Konseho at ang kanilang mga katulong;

(2) Lahat ng mga miyembro at komisyon, at kung nais ng Komisyon sa Serbisyo Sibil, ang Kalihim ng Komisyon sa Serbisyo;

(3) Ang Tagapamahala ng Lunsod at lahat ng kanyang mga katulong, kinatawan, at kalihim, ang hepe ng bawat kagawaran, mga katulong na direktor ng mga kagawaran, mga kinatawang direktor ng mga kagawaran, (hindi kasama ang kagawaran ng pulisya) at ang Klerk ng Lunsod at isang katulong;-

- (4) Pansamantalang Pagtatrabaho
- a. Ang mga taong pansamantalang nagtatrabaho upang gumawa o magsagawa ng isang espesyal na pagtatanong, imbestigasyon, pagsusuri o instalasyon, o upang magkaloob ng propesyonal, siyentipiko o teknikal na mga serbisyo ng isang paminsan-minsan o natatanging katangian; sa kondisyon na walang taong nagtatrabaho sa Di-klasipikadong Serbisyo alinsunod sa subseksyong ito para sa anumang layunin ay dapat magpatuloy sa naturang pagtatrabaho alinsunod sa subseksyon para sa isang panahon na higit sa anim (6) na buwan para sa bawat espesyal na pagtatanong, imbestigasyon, pagsusuri, instalasyon o partikular na serbisyo maliban kung ang isang pagpapalawig ay inaprobahan ng Komisyon sa Serbisyo Sibil;
  - b. Ang mga taong pansamantalang nagtatrabaho upang punuan ang mga katungkulan para sa isang panahon na hindi hihigit sa dalawang (2) taon, kung saan may pangangailangan na gumanap ng mga pansamantalang tungkulin o ang mga tungkulin ay maaaring iatas nang pansamantala.
- (5) Ang mga taong nagtatrabaho kung magkaroon ng emerhensiya upang gumanap ng mga serbisyong kinakailangan dahil sa at sa panahon ng naturang emerhensiya para sa isang panahon na hindi hihigit sa anim na (buwan) maliban kung ang isang pagpapalawig ay aprobahan ng Komisyon sa Serbisyo Sibil;
- (6) Ang mga taong nagtatrabaho upang pansamantalang punuan ang mga katungkulan sa klasipikadong serbisyo kapag walang listahan ng mga karapat-dapat na aplikante para sa naturang mga katungkulan, hanggang sa naturang panahon na ang listahan ng mga karapat-dadpat ay malikha at ang mga tao ay makukuha doon upang punuan ang mga naturang katungkulan;
- (7) Ang mga boluntaryong miyembro ng mga kagawaran ng pulisya, bumbero o depensang sibil o anumang puwersa ng pulisya, bumbero o sibil na depensa o organisasyon-;
- (8) Ang Opisyal ng Pamublikong Impormasyon, at lahat ng mga taong nagtatrabaho sa Opisina ng Pamublikong Impormasyon, hindi kasama ang mga klerikal na empleyado-;
- (9) Ang Tagasuri ng Lunsod at propesyonal at teknikal na mga empleyado sa Opisina ng Tagasuri ng Lunsod-;
- (10) Ang Abugado ng Lunsod at lahat ng mga abugado at superbisor sa Opisina ng Abugado ng Lunsod;

- (11) Ang Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya at ang propesyonal at teknikal na mga empleyado sa Opisina ng Independiyenteng Tagasuri ng Pulisya;
- (12) Ang punong opisyal na tagapagpaganap, punong opisyal ng pamumuhunan, o ang kanilang kapantay at propesyonal na tauhan sa pamumuhunan, gaya ng nakalagay sa ordinansa, sa Opisina ng mga Serbisyo sa Pagreretiro at na hindi dapat miyembro ng nilinaw na benepisyong pensiyon o mga plano ng Lunsod sa pangangalagang pangkalusugan ng retirado sa pagreretiro. Ang seksyong ito ay hindi dapat umaplay sa sinumang nanunungkulan na magpupuno sa mga katungkulang ito sa petsa na ang pagpapalit ay inaprobahan sa pamamagitan ng halalan.
- (b) Ang Klasipikadong Serbisyo ay dapat buuin ng lahat ng mga taong nagtatrabaho sa mga katungkulan sa Serbisyo Sibil ng Lunsod na wala sa Di-klasipikadong Serbisyo;
- (c) Wala rito na dapat ipakahulugan na humahadlang sa naghihirang na awtoridad na punuan ang anumang katungkulan sa paraan kung paano ang mga katungkulan sa Klasipikadong Serbisyo ay pinupunuan.
- (d) Tuwing ang dating klasipikadong mga katungkulan ay inilalagay sa hindi klasipikadong serbisyo sa Kabanatang ito, ang katayuan na di-klasipikado ay hindi dapat iaplay sa mga nanunungkulan na nagpupuno sa mga klasipikadong katungkulang ito sa petsa na ang pagpapalit ay inaprobahan sa pamamagitan ng halalan.